**Maui Wildfire Recovery**

# Pagtatrabaho ng EPA sa Drinking Water - Pagbubukod ng Nakontamina na Lateral Lines

**Ika-2 Bersyon: Abril 8, 2024**

*Ang EPA ay nagtatrabaho para maibukod ang mga drinking water line sa Lahaina mula sa water system ng county kung saan nakatuklas ng ilang mga contaminant.*

Sinusuportahan ng EPA ang trabaho ng Department of Water Supply (DWS) ng County of Maui na kumuha ng sample ng iniinom na tubig at ibukod ang mga nakontamina na water line dulot ng wildfire mula sa natitirang bahagi ng system.





**Figure 1. Graphic na nagpapakita ng lokasyon kung nasaan nagkakasalubong ang lateral at pangunahing mga water line at kung saan naghuhukay, nagpuputol, at may capping na nagaganap sa mga**

### Ano ang lateral lines (katabing linya)?

Ang lateral lines ay perpendikular sa main service ine at nagdadala ng tubig mula sa main line papunta sa meter. Ang mga segment na dumadaloy mula sa meter papunta sa bahay, gusali o negosyo na pananagutan ng may-ari.

### Pagkuha ng sample at pagbubukod ng lateral line

Mula pa noong kalagitnaan ng Marso, ang EPA ay kumukuha na ng sample mula sa pangunahing mga service line at mga lateral line sa loob ng naapektuhang area para sa volatile organic compounds (VOCs) and semi-volatile organic compounds (SVOCs) – mga contaminant na nagbabanta sa kalusugan at may mas matataas na mga level sa iniinom na tubig. Sinusuri ng EPA ang mga sample ng dalawang contaminant na ito at nagbabahagi ng data sa mga DWS para matulungan sila sa pagpapasya kung aalisin ang kasalukuyang advisory sa di ligtas na tubig.



**Figure 2. Litratrato ng EPA na kumukuha ng sample ng iniinom na tubig mula sa**

Kung natuklasan ang kontaminasyon sa lateral line, ito ay ihihiwalay mula sa water system. Una sa lahat, huhukayin ang area at lilinisin upang makita ang lateral line. Pagkatapos, ang tubo sa punto kung saan nakakabit sa water line ay puputulin at pagkatapos ay tatakpan, upang matiyak na hindi makakapasok ang kontaminasyon sa main distribution line. Ang trabahong ito ay makakatulong na mabalik ang ligtas na iniinom na tubig sa Lahaina. Ang EPA ay magkakaroon ng mga lokal na kultural na monitor at archeologist na mag-oobserba sa pagtatrabaho upang matiyak na ang mga sensitibo o makasaysayang lugar ay hindi nagagalaw. Bago gamitin ang inyong iniinom na tubig, tiyakin na magpunta sa Unsafe Water Advisory page ng DWS sa mauirecovers.org/water upang makita kung ang tubig sa inyong area ay ligtas na inumin.

**Mga Tanong**

EPA: (808) 299-5184, R9Wildfiresinfo@epa.gov, www.epa.gov/maui-wildfires
County Department of Water Supply: (808) 270-7550, www.mauirecovers.org